## Paano ako makakapagpa - mamogram?

- Sumangguni sa inyong duktor ngayon. Alamin ang lugar kung saan makakapagpa - mamogram.
- Kung ikaw ay mayroong Medicare, ang Medicare ang magbabayad sa malaking bahagi ng gastos sa iyong pagpapa - mamogram isang beses tuwing taon.
- Alamin rin sa inyong "health insurance" ang halaga at iba pang gastusin na kakailanganin ninyo sa pagpapa - mamogram.
- Gumawa ng "appointment" sa isang Mammogram Center na inaprubahan ng U.S. Food and Drug Administration (FDA). Matutulungan kayo ng inyong duktor o nars sa paghanap ng Mammogram Center.
- Kapag magpapa - mamogram, huwag gumamit ng losyon, polbo, pabango o deodorant dahil ang mga ito ay maaaring maging sanhi sa paglabo ng inyong X-ray.
- Matapos makapagpa - mamogram, alamin sa inyong duktor ang resulta.

## Ano pa ang maaari kong gawin?

- Kapag ikaw ay nasa gulang na 40 o higit pa, kailangang magpa - mamogram sa loob ng isa o dalawang taon.
- Kumunsulta sa iyong duktor o nars upang ikaw ay mabigyan ng eksaminasyon sa suso sa klinika taon-taon.



**Ang pagkakataon na magkaroon ang isang babae ng kanser sa suso ay ang mga sumusunod.**

| | |
|---|---|
| **Sa gulang na 40** | **1 sa 257** |
| **Sa gulang na 50** | **1 sa 67** |
| **Sa gulang na 60** | **1 sa 36** |
| **Sa gulang na 70** | **1 sa 28** |
| **Sa gulang na 80** | **1 sa 24** |
| **Sa buong buhay** | **1 sa 8** |

* Pinanggagalingan: National Cancer Institute Surveillance, Epidemiology, and End Results Program, 1997.

## Saan ako makakakuha ng karagdagang kaalaman tungkol sa mamogram at tungkol sa kanser sa suso?

Sa karagdagang kaalaman sa wikang Ingles, tumawag sa National Cancer Institute's Cancer Information Service sa 1-800-4-CANCER (1-800-422-6237). Sa mga taong gumagamit ng kasangkapang TTY o TTD, tumawag naman sa 1-800-332-8615.

Maaari din kayong tumingin sa National Cancer Institute's Website sa www.cancer.gov

Ukol naman sa kaalaman tungkol sa Medicare, maaari kayong tumingin sa Website ng Medicare sa www.medicare.gov o tumawag sa 1-800-MEDICARE (1-800-633-4227).

Sa mga taong gumagamit ng kasangkapang TTY o TTD, tumawag naman sa 1-877-486-2048.

NATIONAL CANCER INSTITUTE

CMS

Hango mula sa isang CMRI publication na isinagawa sa ilalim ng isang contrata sa Centers for Medicare and Medicaid Services.

U.S. Department of Health and Human Services
NIH Publication No. 02-5101T, NCI Publication No. P141
CMS Publication No. 11018




**Magpa - mamogram sa loob ng isa o dalawang taon**



**Pangalagaan mo ang iyong kalusugan ngayon nang makapiling mo ang iyong pamilya sa mahabang panahon.**

Tagalog

## Ikaw ba ay nanganganib na magkaroon ng kanser sa suso?

Ng dahil lamang sa ikaw ay isang babae at habang ikaw ay tumatanda, ay nanganganib kang magkaroon ng kanser sa suso. Lumalaki ang pagkakataong magkaroon ng kanser sa suso ang isang babae habang tumatanda. Lalong mataas ang panganib kapag nagkaroon na ng kanser sa suso ang inyong nanay, kapatid na babae o anak na babae.



Dito sa U.S., kanser sa suso ang pangunahing kanser sa karamihan ng mga babaeng katutubong Asia o Pacific Islands. Sa kasamaang palad, nalalaman lamang ng mga babaeng ito na sila ay mayroong kanser sa suso kung ang kanser ay malubha na. Ang maagap na pagtuklas ng sakit na ito sa pamamagitan ng palagiang mamogram at pagsusuri ng inyong duktor o nars ay maaaring makaligtas ng inyong buhay. Para sa inyong sariling kapakanan at kapakanan ng inyong pamilya, tumawag sa inyong duktor kaagad upang magpaeksamen at magpa-mamogram.

## Ano ang mamogram?

Ang mamogram ay isang mababang dosis na X-ray sa pagreretrato ng suso. Sa pamamagitan ng mamogram kasabay ng pagsusuri ng inyong duktor o nars ay maaaring matuklasan nang maaga ang kanser sa suso at karamihan nito ay nagagamot. Ang X-ray naman ay hindi nakaka-kanser dahil mababa lamang ang radiation na ginagamit dito. Ang panganib na ang X-ray ay nakakapinsala sa kalusugan ay napakaliit.

## Ano ang nangyayari kapag nagpapa - mamogram?

Ang mamogram ay isang simpleng pamamaraan. Kapag nagpapa - mamogram, kinukunan ng retrato ng isang teknisyan ang suso sa pamamagitan ng paglapat ng suso sa pagitan ng dalawang X-ray panel. Idinidiin ng panel ang suso upang mas malinaw ang makuhang retrato. Maaari kayong makaramdam ng kaunting sakit na madalian lamang ngunit ang X-ray ay hindi tumatagal ng isang minuto.

## Sino ang dapat na magpa - mamogram?

Ang lahat ng kababaihan simula sa gulang ng 40 at higit pa ay dapat magkaroon ng mamogram tuwing isa o dalawang taon. Lumalaki ang pagkakataong magkaroon ng kanser sa suso ang isang babae habang siya ay tumatanda.



## Bakit kailangan akong magpa - mamogram?

Sa pamamagitan ng maagang pagtuklas ng kanser sa suso, maaaring mailigtas ng mamogram ang iyong buhay.


Naipapakita ng mamogram ang pinakamaliit na kanser na kahit ikaw o ang iyong duktor ay hindi maramdaman. Ang maagang pagtuklas ng kanser sa suso ay makapagbibigay ng lalong maraming pamamaraan sa paggagamot.

"Ang maagang pagtuklas ng kanser sa suso ay makapagbibigay ng lalong maraming pamamaraan sa paggagamot at higit na pagkakataong maligtas ang iyong buhay."

- Robin Chin, breast cancer survivor.

## Paano ko babayaran ang pagpapa - mamogram?

Kung ikaw ay may Medicare at nasa gulang na 40 o higit pa, babayaran ng Medicare ang karamihan ng halaga ng pagpapa - mammogram minsan sa isang taon. At kung kakailanganin, babayaran din ng Medicare ang pagpapatingin o diagnostic mamogram kahit kailanman. Mayroon ding mura o walang bayad na pagpapatingin sa inyong mga lugar.



*Hindi lamang sa isang panahon, kundi sa habang buhay.*

*Ang mammogram ay nakapagliligtas ng buhay.*